

# Pagsusuri ng COVID-19 sa California – Ano ang Kailangan Niyong Gawin

Magpasuri sa tahanan at panatiliing ligtas ang iyong mga kaibigan, pamilya & komunidad.

## Kailan ako dapat magpasuri ng COVID-19?

1. **Kung ikaw ay may anumang [sintomas](#) ng COVID-19,**
  - Magpasuri kaagad, maliban sa iyong katayuan sa pagpapabakuna sa COVID-19
  - Kung ang iyong pagsusuri ay negatibo ngunit patuloy na may sintomas, magpasuri uli pakatapos ng 24-48 na oras. Ang mababang dami ng virus sa maagang impeksyon ay maaaring makaligtaan sa isang pagsusuri, at ang pagsusuri ay maaaring positibo pagkatapos ng ilang araw.
2. **Kung ikaw ay may [malapitang pakikisalamuha](#) sa sinuman na may COVID-19,**
  - Magpasuri kung naabisuhan ng pagkalanatad at 3-5 na araw pagkatapos ng pagkalanatad, kahit na ikaw ay walang sintomas.
  - Magpasuri kaagad kung nabuo ang sintomas
3. **Isalang-alang ang pagpapasuri bago 3-5 na araw at pagkatapos ng 3-5 na araw ng pagtitipon, isang malaking kaganapan o [paglalakbay](#),** lalo na kung ikaw ay nasa paligid [ng mga tao na may mataas na panganib](#) (nakatatandang mga adulto, immunocompromised, hinid napabakunahan na mga tao).

## Saan ako maaaring makakuha ng pagsusuri sa tahanan?

1. Kumuha ng LIBRE na pagsusuri na may medikal na insurance sa iyong lokal na drugstore (pamilihan o online)
  - MediCal o Medicare – dalhin ang iyong kard sa isang bintana ng botika.
  - Pribadong insurance – nmakipag-ugnay sa iyong kompanya ng insurance para sa libre na pagpapasuri o reimbursement.
2. Bumili mula sa iyong lokla na botika (pamilihan o online) Ang bawat pagsusuri ay madalas umaabot ng \$10 bawat isa.

## Saan pa ako pwede magpasuri?

Maghanap ng [online na sityo ng pagpapasuri](#) o tumawag sa (833) 422-4255 o 211.

## Paano kung ang aking pagsusuri ay positibo?

Ikaw ay may COVID-19. Makipag-ugnay sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan upang makita kung ikaw ay karapat-dapat para sa [pagpapagamot sa COVID-19](#) upang maiwasan ang malubhang sintomas, ospitalisasyon, o kamatayan. Sundin ang [mga rekomendasyon upang maiwasan ang pagkalat ng sakit sa iba](#). Lulat ang iyong positibong pagsusuri sa [canotify.ca.gov](#).

Kung ikaw ay may malubhang sintomas tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

## Paano kung hindi ako makapagtrabaho dahil sa COVID-19?

Kung ikaw ay hinid makapagtrabaho dahil ikaw ay may COVID-19 o nailantad, ikaw ay maaaring [maghain ng Disability Insurance \(DI\) na kahilingan](#). Kung ikaw ay hindi makapagtrabaho dahil ikaw ay ngangalaga para sa isang miyembro ng pamilya na may COVID-19, maaari kang [maghain ng Paid Family Leave \(PFL\) na kahilingan](#). Parehong kahilingan ay kailangan na may nota mula sa tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan.



## Maaaring makaramdam ng sipon, alerhiya, o trangkaso sa COVID-19 at kasama ang mga sumusunod na sintomas:

- Lagnat o panlalamig
- Pag-ubo
- Kakulangan sa paghinga at kahirapan sa paghinga
- Pagkapagod
- Sakit sa kalamnan o katawan
- Sakit sa ulo
- Bagong pagkawala ng panlasa o pangamoy
- Sakit sa lalamunan
- Pambabara o tumutulong sipon
- Pagduduwal o pagsusuka
- Dayariya o Pagtatae



I-scan ang QR na kodigo upang makita ang interaktibong link sa piliyego na ito.

